
2

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 2:
## Paglilingkod sa Komunidad




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Paglilingkod sa Komunidad**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Michael L. Santos
**Editor:** Rosalie V. Feliciano
**Tagasuri:** Annalyn L. German EdD, Emmanuel V. De Mesa
Maria Eleonor D. Gavino
**Tagaguhit:** Kharlyn P. Banzon
**Tagalapat:** Mark Greg C. Binasoy
**Tagapamahala:**
Nicolas T. Capulong PhD, CESO V
Librada M. Rubio PhD
Ma. Editha R. Caparas EdD
Nestor R. Nuesca EdD
Rolando T. Sotelo DEM
Annalyn L. German EdD
Emmanuel V. De Mesa

**<u>Inilimbag sa Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III</u>**
Office Address: Matalino St. D.M Government Center, Maimpis, City of San Fernando (P)
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

# 2

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 2:
## Paglilingkod sa Komunidad

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Araling Panlipunan, Ikalawang Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Paglilingkod sa Komunidad.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Araling Panlipunan, Ikalawang Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Paglilingkod sa Komunidad.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o punan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung ano ang natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaang pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anomang marka o sulat ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sinuman sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# Alamin

Nakikilala mo ba ang mga tagapaglingkod sa iyong komunidad? Alam mo ba kung paano sila nakatutulong matugunan ang mga pangunahing pangangailangan ng iyong komunidad?

Sa modyul na ito ay tatalakayin ang iba pang mga naglilingkod sa komunidad at kung paano nila natutugunan ang pangangailangan ng mga kasapi ng komunidad.

Pagkatapos ng modyul na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. natutukoy ang iba pang tao na naglilingkod sa komunidad at ang kanilang kahalagahan (hal. guro, pulis, barangay tanod, bumbero, nars, doktor, tagakolekta ng basura, kartero, karpintero, tubero, atbp). (AP2PKK-IVa-2)
2. nabibigyang pagkilala at pagpupugay ang mga taong walang sawang nagbibigay ng serbisyo sa komunidad; at
3. napahahalagahan ang mga serbisyong naibibigay ng mga naglilingkod sa komunidad.

## *Subukin*

Panuto: Iguhit ang masayang mukha (😊) kung ang isinasaad ng pangungusap ay Tama at malungkot na mukha (☹) kung Mali. Ilagay ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang mga magsasaka ay nagtatanim upang may pagkunan ng makakain.
2. Ang tubero ay naglilinis ng kalat sa kapaligiran.
3. Ang nars ang tumutulong sa doktor upang mapangalagaan ang mga may sakit.
4. Ang guro ang nagtuturo sa mga kabataan ng magandang asal.
5. Ang karpintero ang gumagawa o nagkukumpuni ng bahay.

# Aralin 2 Paglilingkod sa Komunidad

Ang paglilingkod sa komunidad ay isang gawain na isinasagawa ng tao para sa kapakanan ng nakararami.

Ang pagboboluntaryo o pagkukusang-loob ay isang gawain na kung saan ay maaaring magbigay ng paglilingkod sa komunidad na walang hinihinging kapalit. May mga ilang naglilingkod na nangangailangang mabigyan ng sapat na kabayaran katumbas ng kanilang paglilingkod.

## *Balikan*

Panuto: Iguhit ang bituin (☆) kung wasto ang isinasaad ng pangungusap at bilog (◯) kung hindi. Ilagay ang sagot sa sagutang papel.

1. Pangongolekta ng basura ang tungkulin ng mga basurero.
2. Ang tungkulin ng kaminero ay magpanatili ng kaayusan at katahimikan sa komunidad.
3. Ang komadrona ang katuwang ng doktor sa pagpapaanak.
4. Tungkulin ng tubero ang magkumpuni ng mga bahay at gusali.
5. Ang panggagamot ng may sakit ang tungkulin ng doktor.

## Tuklasin


May mga taong nagbibigay ng paglilingkod sa ating komunidad na nakatutugon sa pangunahing pangangailangan ng mga naninirahan dito. Kilalanin sila.




**Magsasaka** – nagtatanim ng halaman upang pagkunan ng pagkain.



**Karpintero** – gumagawa at nagkukumpuni ng mga bahay, gusali, mesa at iba pang kagamitan.




**Guro** – nagtuturo upang matuto ang mga mag-aaral ng iba't-ibang asignatura at kagandahang asal.




**Tubero** – nag-aayos ng tubo na linya ng tubig at nagkukumuni ng sirang gripo.

Narito naman ang mga nagbibigay ng paglilingkod para sa kalusugan ng komunidad.



**Nars** – tumutulong sa doktor sa pangangalaga ng mga may sakit.




**Doktor** – nagbibigay ng serbisyong panggagamot sa mga taong maysakit.



**Komadrona** – tumutulong sa doktor sa pagpapaanak.




**Kaminero** – naglilinis ng kalsada at daan upang mapanatili ang kalinisan ng kapaligiran.



**Basurero** – namamahala sa pangongolekta at pagtatapon ng basura.

May mga tao ring naglilingkod para sa kaligtasan at kaayusan ng komunidad. Kilalanin sila.




**Bumbero** – pumapatay sa sunog at nagliligtas sa mga biktima.



**Pulis** – nagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan ng komunidad. Sila rin ang humuhuli sa mga nagkakasala sa batas.




**Kapitan ng barangay** – namumuno sa kaayusan, kapakanan, kapayapaan, at kaunlaran ng nasasakupang komunidad.





**Barangay tanod** – tumutulong sa kapitan ng barangay upang mapanatili ang kaligtasan ng mga tao sa komunidad.

Panuto: Kilalanin ang mga nasa larawan. Piliin ang tamang sagot mula sa kahon at isulat sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| bumbero | kaminero |
| doktor | magsasaka |
| guro | tubero |

1. 

2. 

3. 

4. 

5. 

## Suriin

Mahalaga ang tungkulin ng bawat isa sa komunidad. Dito nakasalalay ang kaayusan at kaunlaran ng pamumuhay ng mga tao. Bawat isa sa atin ay may kanya-kanyang tungkuling dapat gampanan.

May mga taong nagbibigay ng paglilingkod upang matugunan ang pangangailangan ng komunidad.

May mga mahahalagang tao sa komunidad na nagbibigay ng malaking kontribusyon sa iba't ibang larangan. Nagsisilbi silang huwaran hindi lamang sa sariling komunidad kundi maging sa buong bansa.

## Pagyamanin

Gawain A

Panuto: Isulat ang Tama kung wasto ang isinasaad ng pangungusap. Kung Mali, palitan ang salitang may salungguhit at isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.


1. Sinisiguro ng kaminero na malinis ang kapaligiran ng komunidad.
2. Mabilis ang pulis sa pagpatay ng sunog.
3. Tumutulong ang komadrona sa isang ina upang iluwal ang kanyang sanggol.

4. Tumutulong ang **traffic aide** sa kapitan ng barangay sa pagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan sa komunidad.
5. Hinuhuli ng bumbero ang mga lumalabag sa batas.

Gawain B

Panuto: Kopyahin ang **web chart** sa papel at punan ang mga bilog ng mga angkop na paglilingkod. Piliin ang sagot mula sa kahon.

| | |
|---|---|
| komadrona | doktor |
| karpintero | nars |
| barangay **health worker** | pulis |



## Isaisip

Panuto: Piliin ang letra ng tamang sagot mula sa kahon upang mabuo ang pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

a. asignatura at kagandahang asal
b. kaayusan at kapayapaan
c. kapitan ng barangay
d. bumbero
e. pagpapaanak
f. doktor

1. Ang komadrona ay katuwang ng doktor sa ___________________.
2. Ang pulis ay nagpapanatili ng ___________________ ng komunidad.
3. Ang tanod ay tumutulong sa ___________________ sa pagpapanatili ng kaligtasan ng mga mamayan sa komunidad.
4. Ang guro ay nagtuturo sa mga mag-aaral ng iba't ibang ___________________.
5. Ang mga nars ang katulong ng ___________________ sa pangangalaga ng may sakit.

## Isagawa

Panuto: Kopyahin ang mga kahon at gumuhit ng isang larawan ayon sa hinihinging serbisyo. Gawin ito sa malinis na papel.

| | |
|---|---|
| nagbibigay ng serbisyong pangkaligtasan | nagbibigay ng serbisyong pangkalusugan |
| nagbibigay ng serbisyong pang edukasyon | nagbibigay ng serbisyong pangkalinisan |

## Tayahin

Panuto: Pagtambalin ang tungkulin sa hanay A at tagapaglingkod sa hanay B. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

A

1. tagapaglinis ng mga kalsada at kanal
2. tumutulong sa punong barangay at mga kagawad sa pagpapanatili ng kaayusan at katahimikan ng komunidad
3. nag-aayos ng mga tubong dinadaluyan ng tubig patungo sa mga tahanan
4. nangongolekta ng mga basura
5. tumatahi ng iba't-ibang kasuotan
6. tumutulong sa mga doktor sa pagpapalaganap ng kalusugan
7. gumagawa ng bahay
8. tumutulong sa mga ina sa kanilang panganganak
9. namumuno sa kapakanan, kaayusan, kaunlaran at kapayapaan ng komunidad
10. nagtuturo upang matuto ang mga mag-aaral ng iba't-ibang asignatura at kagandahang asal

B

A. barangay health worker

B. barangay tanod

C. basurero

D. guro

E. kaminero

F. kapitan ng barangay

G. karpintero

H. komadrona

I. mananahi

J. pulis

K. tubero

# Karagdagang Gawain

Panuto: HANAP SALITA: Hanapin at isulat sa papel ang limang (5) tagapaglingkod.

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Y | F | Q | R | K | R | L | O | X | L | B | E | H | V | E |
| A | G | D | I | A | Y | Z | K | B | I | N | M | O | Y | Z |
| F | H | U | T | R | C | O | D | R | D | L | J | K | L | I |
| B | Y | F | B | P | S | L | B | F | S | X | O | M | A | J |
| A | N | K | E | I | E | Z | A | Y | H | V | U | R | L | H |
| J | T | M | J | N | Q | C | O | W | R | G | E | K | U | T |
| Y | S | B | C | T | K | A | P | I | T | A | N | P | A | G |
| E | I | A | D | E | L | U | L | Y | F | H | Q | N | J | L |
| P | L | G | Z | R | Z | F | Z | T | S | W | O | F | Q | F |
| K | U | Y | V | O | D | L | Q | V | B | D | C | R | J | X |
| A | P | T | K | A | I | B | R | O | Z | Q | Z | W | D | A |
| Q | N | I | D | P | S | N | Y | Q | C | E | D | E | S | L |
| F | U | P | S | U | Y | E | G | L | J | L | I | C | F | W |
| L | Y | Z | W | F | G | D | R | F | A | Y | J | H | M | R |
| J | R | K | I | K | S | B | K | J | I | H | R | T | P | H |

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. ☺
2. ☹
3. ☺
4. ☺
5. ☺

**Balikan**

1. ☆
2. ○
3. ☆
4. ○
5. ☆

**Tuklasin**

1. tubero
2. guro
3. magsasaka
4. bumbero
5. kaminero

**Pagyamanin**

A.

1. Tama
2. Bumbero
3. Tama
4. Kagawad
5. Pulis

Komadrona, doktor, nars, at Barangay health worker

**Isaisip**

1. e
2. b
3. c
4. a
5. f


**Isagawa**

1. pulis, bumbero, tanod
2. doktor, nars, komadrona, Barangay health worker
3. guro
4. basurero, kaminero
5.

**Tayahin**

| | |
|---|---|
| 1. D | 6. A |
| 2. B | 7. E |
| 3. H | 8. F |
| 4. C | 9. K |
| 5. G | 10. J |

**Karagdagang Gawain**



# *Sanggunian*

Cruz, Gloria M. et.al. 2013. *Araling Panlipunan 2 Kagamitan ng Mag-Aaral.* Vibal Publishing House, Inc.

Gomez, Ma. Arsenia C., and Clamor-Canlas, Ma. Louren. 2015. *Tuklas Lahi Serye sa Araling Panlipunan 2: Edisyong K-12.* Bonanza Plaza 2, Block 1, Lot 6, Hilltop Subdiv. Greater Lagro, Novaliches, Quezon City, Philippines. Brilliant Creations Publishing, Inc.

Laggui, Charito N., and dela Cruz, Ninia H. 2015. *Araling Panlipunan 2 Pagsusuri: Edisyong 2015, Mapanuring implementasyon ng K to 12.* Ibon Center, 114 Timog Avenue, Quezon City, Philippines. IBON Foundation, Inc.

Nem-Varon, Diana.2020. *Kamalayang Panlipunan 2: Ang Aking Komunidad, Noon at Ngayon.* Abiva Bldg., 851 G. Araneta Ave., 1113 Quezon City, Philippines. ABIVA Publishing House, Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph